Republika ng Pilipinas
Lalawigan ng Laguna
BAYAN NG SANTA CRUZ

3-2F11

# TANGGAPAN NG SANGGUNIANG BAYAN

SINIPI SA KATITIKAN NG KARANIWANG PULONG NG KAGALANG-GALANG SANGGUNIANG BAYAN NG SANTA CRUZ, LALAWIGAN NG LAGUNA NA IDINAOS SA BATASANG BAYAN, GUSALING ESCOLAPIA NOONG MARSO 14, 2011, LUNES, SA GANAP NA IKA-10:45 NG UMAGA.

DUMALO:

| | | |
|---|---|---|
| Kagalang-galang LOUIE C. DE LEON | ... | PANG. PUNONG BAYAN<br>Tagapangulo |
| Kagalang-galang Florencio C. Odejar | ... | Kagawad |
| Kagalang-galang Rizaldy N. Kalaw | ... | Kagawad |
| Kagalang-galang Laarni A. Malibiran | ... | Kagawad |
| Kagalang-galang Laura P. Obligacion | ... | Kagawad |
| Kagalang-galang Jun M. Asinas | ... | Kagawad |
| Kagalang-galang Rolando Moises E. Acapulco | ... | Kagawad |
| Kagalang-galang Serafin C. San Juan, Jr. | ... | Kagawad |
| Kagalang-galang Jose Mauro D. Gabinete | ... | Kagawad – Pangulo / Sang. Kabataan |

DI-DUMALO:

| | | |
|---|---|---|
| Kagalang-galang Ramon D. Tan | ... | Kagawad |
| Kagalang-galang Ronald P. Obligacion | ... | Kagawad – Pangulo /Liga ng mga Barangay<br>Nasa lakad opisyal |

**KAPASIYAHAN BLG. 115-T2011**

**KAPASIYAHANG PINAGTITIBAY ANG KARAGDAGANG BADYET BLG. 1 NG BARANGAY PAGSAWITAN NA NAGKAKAHALAGA NG LIMANG DAA'T WALONG LIBO ISANGDAAN LABING ANIM NA PISO AT WALUMPU'T ISANG SENTIMOS (Php508,116.81) MULA SA SURPLUS NG TAONG 2010 UPANG ILAAN SA 20% DEVELOPMENT FUND (P120,000.00), TRAINING EXPENSES (P150,000.00); GASOLINE, OIL AND LUBRICANTS EXPENSES (P90,000.00); ELECTRICITY EXPENSES (P45,600.00); OTHER MAINTENANCE & OPERATING EXPENSES (P12,516.81); OFFICE EQUIPMENT (AIRCONDITIONER, FAX MACHINE (P30,000.00) AT IT EQUIPMENT AND SOFTWARE (COMPUTER) (P60,000.00) NG NABANGGIT NA BARANGAY.**

**SAPAGKA'T,** iniharap at tinalakay ng sangguniang ito ang Karagdagang Badyet Blg. 1 ng Sangguniang Barangay ng Pagsawitan sa bisa ng Kapasiyahan Blg. 31-T2011 / Kautusan sa Paglalaan Blg. 24-T2011 na nagpapatibay ng halagang P508,116.81 mula sa Surplus ng taong 2010 upang ilaan sa mga programang nakatala sa itaas nito.

**SAPAGKA'T,** ang nasabing kahilingan ay napaliwat sa Lupon sa Pananalapi para sa pag-aaral at pagsusuri;

**SAPAGKA'T,** matapos ang pagsusuri at pag-aaral ng mga kasapi ng naturang lupon sa paglilipat at paglalaan ng pondo ng nabanggit na barangay ay inirekomendang pagtibayin na ito.

**SAPAGKA'T,** lahat ng mga laang gugulin ng barangay ay itinatagubiling iayon sa mga alituntunin sa pagbabadyet, pagtutuos at pag-a-awdit.

**KUNG KAYA'T, DAHIL DITO,** sa mungkahi ng Kagalang-galang Kagawad Rizaldy N. Kalaw (Pang. Tagapamuno ng Lupon sa Pananalapi), na pinangalawahan ng mga Kagalang-galang Kagawad Serafin C. San Juan, Jr., Laura P. Obligacion, Jun M. Asinas at Rolando Moises E. Acapulco at sa buong pagsang-ayon at pagkakaisa ng lahat na ngayo'y kaharap, ay

**PINAGPASIYAHANG**: Pagtibayin ang Karagdagang Badyet Blg.1 ng Barangay Pagsawitan na nagpapatibay ng halagang P508,116.81 mula sa Surplus taong 2010 upang ilaan sa 20% Development Fund (P120,000.00); Training Expenses (P150,000.00); Gasoline, Oil & Lubricants Expenses (P90,000.00); Electricity Expenses (P45,600.00); Other Maintenance & Operating Expenses (P12,516.81); Office Equipment (Airconditioner, Fax Machine) (P30,000.00) at IT Equipment & Software (Computer) (P60,000.00) ng nabanggit na barangay.

**INIUUTOS:** Na padalhan ng sipi ng kapasiyahang ito ang Kagalang-galang Punong Bayan, Pambayang Ingat-Yaman, Pambayang Pinuno sa Badyet, Pambayang Tagatuos at Sangguniang Barangay ng Pagsawitan, lahat sa bayang ito, para sa kanilang kabatiran at kaukulang hakbang.

**PINAGTITIBAY. Marso 14, 2011**

**PINATUTUNAYAN** kong tumpak at wasto ang nasasaad sa kapasiyahang ito.

**JEANETTE P. ALFONSO**
Kalihim

NAGPATOTOO: **KGG. LOUIE C. DE LEON**
Pang. Punong Bayan
Tagapangulo

PINAGTIBAY:

**KGG. INHR. DOMINGO G. PANGANIBAN**
Punong Bayan